ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 4
Pebrero 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Labanan ang mapanibasib na halimaw na imperyalistang US

Isang buwan pa lamang mula nang maupo si Donald Trump bilang presidente ng United States of America, pero kaliwa't kanan na ang kanyang sinuwag at sinibasib, katulad ng isang halimaw na hibang sa pag-angkin ng lahat para sa kanyang kaharian. Sa kanyang mga deklarasyon at hakbangin, inalis ni Trump ang maskara ng US bilang "tagapagpalaganap ng demokrasya," at inilalantad ang tunay na mukha at kulay ng US bilang walang kabusugang imperyalistang kapangyarihan na sadlak sa krisis at desperadong isalba ang naglalahong imperyo.

Sa loob ng US, salamin ng lumalalim na krisis sa pulitika at paglakas ng tunguhing pasista, rasista at ultra-konserbatibo, malawakang niyuyurakan ng gubyernong Trump ang demokratikong karapatan ng mamamayang Amerikano. Sa utos ni Trump, ilampung libong kawani ng gubyerno ang walang sabi-sabing tinanggal sa trabaho, sa tabing ng "pagtitipid." Pinakilos niya ang mga armadong ahensya ng estado para marahas na ikulong o palayasin ang milyun-milyong mga "iligal" na migrante sa US.



Sa halos lahat ng panig ng mundo, humaharap ang mamamayan at mga bansa sa mga panggigipit sa ekonomya at mga banta ng agresyon ng imperyalismong US. Ginagamit ni Trump ang pagpapataw ng taripa sa kalakalan, pagbawi o pag-ipit ng mga ayudang militar at pang-ekonomya, laban sa mga bansang nais niyang ipitin, pasunurin o paluhurin sa kanyang mga dikta.

Nagpataw si Trump ng karagdagang mga taripa laban sa mga produkto ng Canada, Mexico at China sa tangkang ipitin ang mga ito para ibigay ang kanyang gusto. Kasabay nito, idineklara ni Trump ang kagustuhan niyang ipailalim ang Canada bilang ika-51 estado ng US. Inianunsyo rin niya ang planong kunin ang kontrol sa Panama Canal mula sa Panama dahil diumano'y pinapaburan nito ang China. Lumilikha rin si Trump ng ingay sa balak niyang "bilhin" o sakupin ang Greenland.

Idineklara din ni Trump ang kanyang plano na "kunin ang kontrol" at "ariin" ang Gaza Strip, at palayasin ang lahat ng Palestino mula sa kanilang lupa at tahanan. Ito ay tahasang paglabag sa kalayaan at karapatan ng mga Palestino sa sariling pagpapasya. Inuudyok ni Trump ang Zionistang estado ng Israel na muling ituloy ang pambobomba sa Gaza, labag sa kasunduan sa tigil-putukan.

Kamakailan, ipinag-utos ni Trump ang 90-araw na suspensyon ng $64-bilyong mga programang pinopondohan ng USAID o US Agency

for International Development. Ginagamit ni Trump ang gayong suspensyon upang lalong paluhurin ang mga atrasadong bansang nakasalalay nang malaki sa mga programa ng USAID. Kabilang sa ginigipit ni Trump ay ang mga programang pangkalusugan sa South Africa, na nais niyang paatrasin sa pagkundena sa Israel sa gerang henosidyo laban sa mga Palestino, at para pigilan itong magpatupad ng reporma sa lupa na babaklas sa kaayusan sa lupa ng dating rehimeng rasista.

Sa tulak ni Trump, sinimulan ng US at Russia ang negosasyon para diumano tapusin ang gera sa Ukraine. Lalong lumilinaw ngayon na ang gerang ito ay isang "proxy war." Sinisisi ngayon ni Trump ang Ukraine na "sinimulan ang gera", gayong ang katotohanan, matagal na ginamit ng US ang Ukraine para makipagsalpukan sa Russia. Sa pakikipagmabutihan ni Trump sa Russia sa usapin ng Ukraine, habol niya ang bentahe ng pagkontrol sa mga yamang mineral sa rehiyon, gayundin, ang lumikha ng lamat sa pagitan ng Russia at China, para sa estratehikong layunin ng US na ihiwalay ang China.

Sa ilalim ni Trump, patuloy ang mga pwersang militar ng US sa pagpapatatag ng malaking presensya nito sa Asia, partikular na sa palibot ng China, at sa pagkakasangkapan sa armadong pwersa ng Pilipinas at tutang gubyernong Marcos, para tuluy-tuloy na upatin ang sigalot sa China.

Sa pangambang puntiryahin ni Trump ang gubyerno ng Pilipinas ng katulad na panggigipit sa ibang bansa, nagkukumahog ngayon ang rehimeng Marcos na magpakitang-gilas sa bago niyang amo para patunayan ang kanyang katapatan sa imperyalismong US. Lalo pang pinahihigpit ni Marcos ang pagkakatali ng patakarang panlabas at kapakanan ng Pilipinas sa interes at heyopulitikal na adyenda ng kanyang imperyalistang among US na palibutan at pigilan ang lalong paglakas ng imperyalistang China.

Nitong nagdaang mga linggo, pinatindi ng gubyernong Marcos ang pagpapaypay ng apoy na kontra-China, sa pamamagitan ng pagdakip sa diumano'y mga "espiya" ng China sa Pilipinas (kahit pa malayang nag-ooperasyon sa Pilipinas ang mga ahente ng CIA, katulad ng bumagsak na eroplanong pang-espiya nito sa Maguindanao). Walang tigil din ang mga palabas na "pagtataboy" sa "halimaw" na barkong Coast Guard ng China sa West Philippine Sea (gayong wala itong imik nang dumaan ang dambuhalang USS Carl Vinson sa mismong karagatang teritoryal ng Pilipinas, nang pumasok ito sa pagitan ng Leyte at Mindanao, bago nag-istasyon sa Palawan).

Ipinakikita ng mga hakbangin ng gubyernong Trump ang desperasyon ng imperyalismong US na igiit ang sarili bilang pangunahing kapangyarihan sa buong mundo, sa kabila ng estratehikong paghina nito. Kinakatawan niya ang interes ng mga monopolyo kapitalistang Amerikano na naghahangad na palawakin ang saklaw ng impluwensya at kontrol ng US sa mga pinagkukunan ng likas na yaman, mga ruta sa kalakalan at larangan ng pamumuhunan sa iba't ibang panig ng mundo.

Ang malulupit, mararahas at mapanalantang hakbangin ni Trump ay nag-uudyok ng malawak na paglaban sa kanyang paghahari. Ngayon pa lamang, mabilis na umiigting ang galit ng mga manggagawa at mamamayang Amerikano. Maging mga korte at ahensya ng gubyerno ay tumututol sa tiraniya ni Trump. Ang dumaraming mga rali sa iba't ibang panig ng US ay tanda ng namumuong malaking daluyong ng protesta na tiyak na lalamon sa rehimeng Trump, sa malao't madali.

Dapat maagap ding kumilos ang sambayanang Pilipino para labanan ang pagiging sunud-sunurang papet ng rehimeng Marcos, tutulan ang panghihimasok ng US, at labanan ang pagkaladkad sa Pilipinas sa mga sigalot na nililikha ng US para sa sarili nitong interes, laluna kontra sa karibal nitong China. Pag-alabin ang diwa ng patriyotismo ng sambayanang Pilipino para isulong ang digmang bayan upang ipaglaban ang tunay na kalayaan ng bansa, at wakasan ang kontrol at dominasyon ng imperyalismong US na siyang pinakamalaking ugat ng paghihirap at pagdurusa ng sambayanang Pilipino. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 4 | Pebrero 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Labanan ang mapanibasib na halimaw na imperyalistang US	1
USAID, instrumento ng imperyalismong US	3
Mga aksyong gerilya sa Rizal, Mindoro at Negros	3
Orkidyas para kay Ka Maria Malaya	4
Ang hamon ng buhay pultaym sa rebolusyon	5
Lumalalang paglabag sa mga karapatang-bata	6
87th IB, berdugo ng Samar	7
Walang tigil na karahasan ng 62nd IB sa Negros	8
Kainutilan, kasakiman, nagpapalala ng shear line	8
Sa madaling salita	9
Mga protesta	10
"Assumption of Jurisdiction" ng DOLE	10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

USAID, instrumento ng imperyalismong US

Isinuspinde nitong Pebrero ng presidente ng US na si Donald Trump ang operasyon ng US Agency for International Development (USAID), National Endowment for Democracy (NED) at iba pang katulad na ahensya. Ang mga ahensyang ito ay direktang hawak ng Department of State ng US, ang kagawarang namamahala sa ugnayang panlabas ng imperyalistang estado. Daluyan ang mga ito ng pondo para sa mga maka-US na mga korporasyon, institusyon at grupo sa loob at labas ng bansa.

Ang suspensyon ng pondo ay kasabay ng malawakang tanggalan at reorganisasyon ng burukrasyang sibil na salamin ng lumalalang krisis sa pulitika sa US. Itinutulak ito ng rehimen ni Trump sa layuning kontrolin ng kanyang pangkatin ang buong burukrasya at ireorganisa ang badyet para magsilbi sa sarili nitong oligarkong interes at ultra-konserbatibong adyenda.

Noong 2024, gumastos ang US ng humigit-kumulang $30 bilyon para sa USAID, malayong mas maliit (3%) kumpara sa $886 bilyong kabuuang ginagastos ng US para sa depensa at militar. Instrumento ito ng tinatawag na "soft power" ng US. Ang "soft power" ay estratehiya para impluwensyahan ang mga desisyon ng mga estado at pag-uugali ng mga mamamayan, grupo at organisasyon sa pamamagitan ng mapanlinlang na mga proyekto. Isa itong anyo ng hindi tuwirang panghihimasok, sa halip na gumamit ng pamimilit o karahasan. Ginagamit ito kaakibat ang "hard power" o direkta at marahas na interbensyon, tulad ng mga operasyong inilulunsad ng Central Intelligence Agency. Parehong ginagamit ng US ang "soft" at "hard power" para palakasin ang imperyalistang kapangyarihan at pagpapanatili nito ng hegemonya sa buong mundo.

Sa nakaraang mga dekada, naging mahalagang instrumento ang USAID sa pagsusulong ng mga neoliberal na patakaran sa ekonomya, pagpapalakas ng impluwensyang kultural ng US, pagsasamantala sa likas na yaman ng mga malakolonya, pagtutulak ng mga proyektong imprastruktura na nakikinabang sa mga korporasyong US at pagsusulong ng seguridad at interes militar ng US. Sa mga bansang nais kontrolin ng US, laluna sa Latin America, ginamit din ang mga proyekto nito sa paniniktik at direktang panghihimasok sa internal na mga usapin ng mga bansa.

Sa Pilipinas, nagagamit ang USAID at pampabango nitong mga proyekto para pagtakpan ang mas masaklaw na ayudang militar ng US sa bansa. Ayon sa mga ulat, apektado ang ₱4-bilyong halaga ng mga proyekto ng USAID sa bansa ngayong taon. Kakambal ang pondong ito sa $500 milyon o ₱27.5 bilyong ayudang militar na nakatakdang ibuhos ng US sa parehong panahon.

Tulad sa ibang bansa, ang mga programa nito sa Pilipinas ay nagbabalat-kayo na nagtataguyod ng "kalayaan," "demokrasya," "karapatang-tao," "karapatan sa kasarian," at kabuhayan. Ilan sa pinakamatatagal na programa ng USAID ay ginamit sa pagsupil sa paglaban at kapitulasyon ng pakikibaka ng Bangsamoro Mindanao. Gayundin, pangunahing nakikinabang sa mga proyektong ito ang mga pribadong Amerikanong kumpanya at institusyon na "katuwang" ng ahensya sa implementasyon.

Sa aktwal, pangunahing pinopondohan ng US ang terorismo ng papet nitong estado sa Pilipinas sa pamamagitan ng ayuda, pagsasanay, at indoktrinasyon ng reaksyunaryong hukbo sa kontra-insurhensya. Ang pinopondohan nito ay ang pagsupil sa progresibo at patriyotikong mga grupo at indibidwal na lumalaban sa imperyalistang dominasyon ng US at ng papet nitong estado. AB

Mga aksyong gerilya, inilunsad ng BHB sa Rizal, Mindoro at Negros

NAGLUNSAD NG MGA taktikal na opensiba ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa nagdaang mga linggo laban sa mga pwersa ng militar at mapangwasak na konstruksyon sa Rizal, Mindoro at Negros.

Sa Rizal, binigwasan ng BHB-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command) ang tropa ng 80th IB noong Pebrero 17 sa Sityo Tayabasan, Barangay San Jose, Antipolo City, bandang alas-3 ng hapon. Isang sundalo ang napatay.

Malaon nang nasa lugar ang mga tropa ng AFP na nagsisilbing protektor ng mapanirang Wawa-Violago Dam at pagkakwari na nagpalayas sa mga magsasaka at nagdudulot ng matinding pinsala sa kapaligiran ng Rizal.

Sa Negros Oriental, isinagawa ng mga Pulang mandirigma ang pagparusa laban sa mapandambong at mapangwasak na operasyon ng kumpanyang pag-aari ng malaking kumprador na pamilyang Limkaichong noong Pebrero 8 sa Barangay Aya, La Libertad. Pinaralisa ng yunit ang isang *dump truck*, isang pison, at dalawang *backhoe* na ginagamit sa pagtatayo ng kalsada para sa mina at plantasyon. Tinatayang ₱20 milyon ang kabuuang danyos ng operasyon.

Samantala, bigo ang sumalakay na yunit ng 4th IB na ubusin ang sinalakay nitong yunit ng BHB sa Sityo Balugo, Brgy. Budburan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Pebrero 15. Magiting na lumaban ang mga Pulang mandirigma kaya't nagawang pinsalain ang mga berdugo. Dalawang patay, kabilang ang kumander ng platun, at siyam ang sugatan sa hanay ng umatakeng kaaway.

Bago nito, hindi bababa sa apat na sundalo ng 203rd IBde ang kaswalti sa dalawang aktibong depensa ng mga yunit ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) sa mga pananalakay na isinagawa ng militar sa San Jose, Occidental Mindoro at Mansalay, Oriental Mindoro noong Pebrero 11.

Orkidyas para kay Ka Maria Malaya, minamahal na bayani at mandirigma ng masang api

Pinakamataas na pagpupugay at parangal ang iginawad ng pamunuan at buong kasapian ng Partido Komunista ng Pilipinas, lahat ng Pulang mandirigma at kumander ng Bagong Hukbong Bayan, at lahat ng mga pwersang rebolusyonaryo ng sambayanang Pilipino, kay Ka Maria Malaya (Myrna Sularte), isa sa mga namumunong kadre ng Partido at minamahal na mandirigma ng aping masa ng mga manggagawa, magsasaka, at mamamayang Lumad ng Mindanao.



Si Ka Maria, 71, ay nabuwal sa kahuli-hulihan niyang pakikipaglaban noong Pebrero 12 sa Barangay Pianing, Butuan City, sa isang matinding sagupaan sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan at ng malupit na mga pasistang pwersa ng 901st IBde.

Kagawad siya ng Komite Sentral at Kawanihan sa Pulitika. Kasapi din siya ng Komisyon ng Mindanao at tumayong kalihim ng Panrehiyong Komite ng Partido sa Northeast Mindanao sa nakaraang mahigit dalawang dekada. Nagsilbi rin siyang tagapagsalita ng National Democratic Front sa Northeast Mindanao.

Tubong Bayugan City, Agusan del Sur, nagmula si Ka Maria sa isang pamilya ng panggitnang magsasaka. Nagtapos siya ng kursong agroteknolohiya sa isa sa mga unibersidad sa Butuan. Iniwan niya ang relatibong maalwan niyang buhay para walang pag-iimbot na pagsilbihan ang masang api at pinagsasamantalahan. Sumapi siya sa Partido noong 1977, sa kasagsagan ng kadiliman ng pasistang paghahari sa ilalim ng noon diktadurang Marcos.

Sa nakalipas na limang dekada, gumampan siya ng iba't ibang tungkulin, kabilang ang pamumuno sa rebolusyonaryong gawain sa mga lungsod at kanayunan, kapwa sa kanluran at hilagang-silangang Mindanao.

Hindi kailanman nagmaliw ang paninindigan niya para sa rebolusyonaryong layunin. Walang-humpay siyang tumupad sa kanyang mga tungkulin bilang kadre ng Partido at pinuno ng Bagong Hukbong Bayan, kahit nang natuklasang may kanser siya, na dalawang dekada niyang hinarap sa pamamagitan ng disiplinadong pagkain at paggamot.

Masipag na mag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo si Ka Maria. Mataman niyang inilapat ang saligang mga prinsipyo, patakaran, at programa ng Partido sa mga konkretong kundisyon ng mamamayan sa Northeast Mindanao. Kasabay nito, nag-aral siya ng mga rebolusyonaryong karanasan ng Vietnam, China, at iba pang mga bansa, pati na rin ng ibang mga rehiyon sa bansa.

Sa loob ng maraming taon, mahigpit niyang naging katuwang ang kanyang asawa, ang dating tagapagsalita ng BHB na si Ka Oris, sa pamumuno ng Partido at ng BHB sa pagkamit ng rebolusyonaryong mga tagumpay sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan. Isa siya sa pinakamatitibay na haligi ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992, na kanyang itinaguyod at ipinatupad nang walang pag-aatubili.

Si Ka Maria ay naging isa sa pinakamahusay na kadreng militar. Tinitiyak niyang palagi na kumprehensibong umuunlad ang digmang bayan sa Northeast Mindanao. Sa ilalim ng matatag na pamumuno ni Ka Maria, nagsulong ang BHB at taumbayan ng walang-humpay na paglaban sa mga mapangwasak at mapagsamantalang mga kumpanya sa pagmimina, mga plantasyon, at mga proyektong ekoturismo na nagpapalayas sa masang anakpawis mula sa kanilang mga komunidad, at sumisira sa kalikasan.

Ikinintal niya sa BHB ang hindi natitinag na kapasyahang labanan ang lahat ng anyo ng pang-aapi at kamtin ang katarungan sa lahat ng krimen ng mga pasista laban sa mga mamamayan.

Pinasigla niya at tinulungang organisahin ang paglaban ng masang lumad na Manobo sa pagtatanggol sa kanilang lupaing ninuno, at paghadlang sa lumalalang agresyon ng mga "proyekto pangkaunlaran". Dahil dito, galit na galit sa kanya ang malalaking burgesyang kumprador at mga korporasyong multinasyunal, na nagbigay ng pondo upang armasan at sanayin ang mga armadong pwersa ng kaaway at mga grupong paramilitar upang labanan ang BHB, at "puksain" si Ka Maria.

Sa mga sandali ng pahinga, kumukuha si Ka Maria ng mga larawan ng ganda ng mga pambihirang orkidya at bulaklak, na nagpapakita ng kulay sa gitna ng lunting kagubatan ng mga kampong gerilya.

Katulad na dumaloy ang dugo ng mga rebolusyonaryong bayani sa mga ugat ni Ka Maria, dumadaloy ngayon ang kanyang dugo sa mga ugat ng bagong henerasyon ng mga kadre ng Partido at mga Pulang mandirigma. Sila ay determinado, tulad ni Ka Maria noon, na ipagpatuloy ang digmang bayan mula sa isang yugto hanggang sa susunod, patungo sa ganap na tagumpay.

Mga sipi mula sa parangal ng Komite Sentral ng Pilipinas kay Ka Maria Malaya, Pebrero 14, 2025. AB

Koresponsal

Ang hamon ng buhay pultaym sa rebolusyon

Unang namulat si Loren, isang kabataang babae, sa panahon ng pandemya. Malaki ang galit niya sa ipinataw na *lockdown* ng rehimeng Duterte na sumagasa sa mahahalagang pangyayari sa kanyang buhay, tulad ng pagmartsa sa pagtatapos mula *senior* hayskul at makapagdaos ng ika-18 taong kaarawan. Nawalan ng trabaho ang kanyang mga magulang, at namatayan ang kanilang pamilya dahil wala silang maipambayad sa ospital.



"Imposibleng hindi ako mamulat sa panahong iyon," kwento niya. Nababad siya sa *social media* at nakasubaybay sa mga *post* ni Chad Booc, isang aktibistang guro. Mula sa mga *online* na mga talakayan, napagtanto niya ang kahalagahan ng pagsali sa mga organisasyong masa ng mga kabataang tulad niya na napupukaw ng iba't ibang mga usapin sa bayan.

"Naging tambay (ako) sa Discord at iba pang *online* na pulong," kwento ni Loren. Pero sa kabila ng kanyang interes, may panahong tumigil ang pagtatanong niya tungkol sa mga kalakaran sa lipunan. Muli siyang napukaw nang mabalitaan ang karumal-dumal na pagpatay kay Booc at iba pang kinilalang New Bataan 5.

"Iyak, galit at walang humpay na pagsisi sa pasistang rehimen ang ginawa ko buong araw nang makumpirma ang nangyari kina Teacher Chad," pag-aalala niya. "Hindi ko kinayang sarilihin ang lungkot at galit, tumungo ako sa lansangan, bitbit at sigaw ang panawagan ng hustisya sa naging dahilan bakit ako namulat at kumilos."

Mula noon, hindi na siya nawala sa lansangan. Bumalik siya sa pagiging estudyante ng Pambansa Demokratikong Paaralan. Lumahok siya sa mga iglap-protesta.

Nang magbukas ang mga eskwelahan, pumasok siya sa isang unibersidad bilang "iskolar ng kamag-anak." Hinarap niya rito ang isyu ng mataas na gastos sa edukasyon at kapabayaan ng estado sa kanyang sektor. Dahil dito, nagpunyagi siyang mag-organisa sa hanay ng kapwa niya estudyante.

"Hindi basta-basta ibibigay ng mga nasa kapangyarihan ang mga nararapat sa kabataan," pahayag niya. Napatunayan niya ito nang hindi naproseso ang aplikasyon niya para sa tulong pampinansya sa huling taon niya sa kolehiyo. "(K)inailangan kong magmakaawa para maigapang ang pag-aaral ko o di kaya'y makipagsapalaran sa libu-libong estudyante na umaasang makapasok sa mga pampublikong unibersidad."

Sa kabila nito, inisip pa rin niyang makapagtapos dahil isang taon na lamang ay may diploma na siya. Pero napagtanto din niyang hindi niya kailangan ng diploma para baguhin ang pahirap na sistema at lipunang pyudal-patriyarkal na dobleng nagpapahirap sa kabataang kababaihang tulad niya.

"Biro ko sa mga kasama na hindi ko kailangan ng diploma sa kolehiyo kung ako naman ay 'nakapagtapos ng PADEPA' at tuluy-tuloy na nag-aaral ng teorya at praktika," aniya.

Sa kanyang karanasan, ang buhay-pultaym sa kalunsuran ay nangangahulugan ng araw-araw na pagbaka at pagpili na igpawan ang kinasanayang burgis na kultura.

"Hindi na ako sumasama sa gimikan ng aking mga kaibigan," kwento ni Loren na dating mahilig humithit ng *vape* at gumamit ng mga *app* sa *smartphone* para sa pagdedeyt."Mas uhaw na akong matuto ng mga teorya at pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at magturo ng PADEPA, lumahok sa mga pagkilos gaano man ito kaaga, makipamuhay sa sakahan at pagawaan at tumungo sa mga paaralan para magmulat, mag-organisa magmobilisa."

May mga pagkakataon na gusto na niyang sukuan ang gawain. Para igpawan ang mga pagkakataong ito, humahalaw siya ng mga aral kung paano nireresolba ang gayong mga kontradiksyon ng ibang kasama. Iniisip niya ang haba na ng pinagdaan ng rebolusyon, marami na ang nagbuwis ng buhay. Sa kabila nito, marami rin ang nananatili kahit batid nilang hindi na nila makikita ang tagumpay. Malaki ang paghanga niya sa mga kasamang isinusulong ang pambansang demokrasya para sa kanilang mga anak, apo, at ang naiwang alaala at ambag ng mga kasamang martir.

"Nakakahiya sa organisador kong si Teacher Chad na isa sa libulibong biktima ng pasistang rehimen," aniya. "Hindi ako perpekto na aktibista at organisador, pero hindi ako mapapagod at hihinto na matuto, magturo, magwasto, umigpaw, magmahal at makibaka."

Ngayong taon, muling nahaharap sa sangandaan si Loren—kung magpapatuloy na pultaym sa kalunsuran, o tutungo na sa kanayunan. AB

Koresponsal

Lumalalang paglabag sa mga karapatang-bata sa ilalim ng rehimeng Marcos

Pinabulaanan at kinundena ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka) ang kamakailangang pahayag ng rehimeng Marcos na maaari nang tanggalin sa listahan ang Pilipinas mula sa pagmamatyag ng UN Special Representative of the Secretary-General (SRSG) on Children and Armed Conflict o mga batang nasa larangan ng armadong sigalot. Anang Makibaka, hungkag ang sinasabi ni Marcos na naging matagumpay ang gubyerno nito sa pagharap sa mga usaping pambata tulad ng *child labor*, karahasan laban sa bata, *trafficking*, pagkabansot (*stunting*) at maging pagtugon sa kahirapan na ugat ng digmaan.



Pinayuhan ng Makibaka ang UN-SRSG na mas malalim na suriin ang mga isinusumiteng ulat ng rehimeng Marcos. Anito, mapanlinlang at maka-isang panig ang mga ulat na ito na layong pagtakpan ang samutsaring pandarahas at paglabag sa karapatan ng mga bata, ng kanilang mga pamilya at mga komunidad, na dahil sa tumitinding kahirapan ay lumalaban at nakikidigma. Ang realidad, hindi "kampeon" ng mga proteksyon ng mga bata ang rehimeng Marcos, kundi numero unong tagapaglabag ng kanilang mga karapatan.

Sa ulat ng Ang Bayan, hindi bababa sa 1,267 ang kaso ng paglabag sa mga karapatang-tao ang nasangkot ang mga bata mula nang maupo si Ferdinand Marcos Jr noong Hunyo 2022 hanggang Enero 28 ngayong taon. Bahagi sa mga ito ang mga kaso ng pagpaslang, bigong pagpaslang, pagdukot, tortyur, iligal na pang-aaresto at detensyon ng mga menor-de-edad at mga paslit. Biktima rin sila ng pambobomba, istraping, pwersahang pagpapalikas, blokeyo sa pagkain, panggigipit at intimidasyon at okupasyong militar. Lahat ito ay labag sa internasyunal na makataong batas, at sa espesyal na mga proteksyon sa mga bata, at mga bagong-panganak na mga sanggol at kanilang mga nagpapasusong ina.

Sampung bata ang walang awang pinatay ng mga sundalo ng AFP at pinalabas na napaslang sa mga engkwentro sa pagitan nito at mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Kabilang dito ang 9-anyos na si Kylene Casao sa Batangas, 17-anyos na si Argie Salvador sa Camarines Norte at ang 16-anyos na si Eusibio Cranzo (Kuni Cuba) sa Sultan Kudarat. Sa Negros, minasaker ng 94th IB ang pamilyang Fausto, kabilang ang 11-anyos na si Raben at 15-anyos na si Ben, gayundin sa pagpatay nito sa 16-anyos na si Everly Kee, kasama ang kanyang 5-buwang buntis na ina.

Sa Masbate, walang awang pinatay ng mga sundalo ang 17-anyos na si Carling Belan at ang 14-anyos na si JP Osabel sa magkahiwalay na insidente. Pareho silang pinagbintangang mga Pulang mandirigma ng mga sundalo. Sa Samar, dalawang bata ang basta na lamang binaril ng 73rd IB nang datnan nila ang mga ito sa gubat. Sa Samar pa rin, magkasamang pinaslang ng mga berdugo ng 63rd IB si Ronie Obiado at ang kanyang 2-taong gulang na apo na si Intoy. Sa Oriental Mindoro, isang paslit ng pamilyang Inyab ang pinatay habang nagsasagawa ng operasyong kombat ang mga berdugong sundalo. Sa lahat ng mga kasong ito, paulit-ulit na pinabulaanan ng mga pamilya, kaibigan at kababaryo ang kasinungalingan ng AFP na may kinalaman sa BHB ang mga biktima.

Tatlumpung bata ang biktima ng pagdukot, tangkang pagdukot at iligal na detensyon. Lima sa kanila ay bagong silang na mga sanggol. Isa rito si Baby Rhea, anak ng mga Pulang mandirigma, na kinidnap ng 47th IB para pwersahing sumuko ang kanyang mga magulang. Gayundin ang layunin ng mga berdugo sa pagkidnap kay Baby Marx sa Negros. Sa Samar, dalawang bagong silang na sanggol ang sikretong ipiniit sa kampo ng 8th IB, kasama ang kanilang mga ina, para pasukuin ang kanilang mga amang pinaghihinalaang mandirigma. Samantala, tinangka pero napigilan ng taumbaryo ang pagkidnap ng mga sundalo sa isang sanggol matapos iligal nilang arestuhin ang kanyang ina sa Masbate. Sa Samar pa rin, pitong menor-de-edad ang dinakip at ginawang "hostage" sa loob ng kampo militar para gamiting pain sa kanilang mga kamag-anak na pinaghihinalaang mga mandirigma.

Hindi ligtas ang mga bata sa tortyur sa kamay ng mga sundalo. Sa Samar, kasamang ibinilad sa araw ang dalawang menor-de-edad na anak ni Tipano Rotamula matapos siyang pagbintangan ng mga sundalo na sangkot sa isang ambus ng BHB. Sa Surigao, binugbog ang dalawang batang sina Archie at Dennis, kasama ng iba pang myembro ng pamilyang Montenegro, dahil sa hinalang sumusuporta sila sa rebolusyonaryong kilusan.

Libu-libong bata ang dumanas ng troma at takot dulot ng walang patumanggang pagbobomba, pang-iistraping at panganganyon sa Samar, Negros, Ilocos, Agusan, Cagayan, Aurora, Kalinga, Bukidnon, Abra, Iloilo, Camarines Sur, Quezon, Surigao, Nueva Ecija at Mindoro. Gamit

Sundan sa pahina 7

87th IB, berdugo ng Samar

Tuluy-tuloy ang paghahasik ng terorismo ng 87th IB sa mga bayan ng Samar. Pinakahuling krimen nito ang pagbaril at pagpatay ng mga berdugong sundalo nito sa mag-amang magsasaka sa Santo Ñiño, Paranas, Samar noong Pebrero 5. Tulad sa ibang kaso, pinalabas nilang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ang dalawa para pagtakpan ang kanilang krimen at pananagutan sa internasyunal na makataong batas.

Patungo ang mag-amang sina Renato at Reymark Gabac sa kanilang sakahan ng alas-8 ng umaga para asikasuhin ang kanilang kalabaw nang masalubong ng mga sundalo. Kwento ng mga residente, napagkamalan ng mga sundalo na mga Pulang mandirigma ang dalawa kasunod ng isang labanan noong 4:20 ng madaling araw sa malayong bahagi ng hangganan ng Barangay Santo Niño at Barangay Maylobe.

Kababalik lamang ni Renato sa Samar mula sa pamamalagi ng ilang panahon sa Maynila. Umalis siya ng isla dahil hindi siya tinantanan ng pamimilit ng 87th IB na magsilbing aset-paniktik sa kanilang barangay laban sa hukbong bayan.

"Walang kahihiyan nilang ipinangalandakan ang kanilang tagumpay gayong kitang-kita kahit sa larawang sila mismo ang kumuha na itak lamang ang dala ng mag-ama," pahayag ng BHB-Western Samar. Binihisan pa umano ng mga sundalo at pinalitan ang suot na damit ng mag-ama na ayon sa mga taga-barangay ay hindi iyon ang kanilang damit nang umalis sa kanilang bahay.

Malayo sa lugar ng mga Gabac ang lugar ng sagupaan, ayon sa BHB-Samar. Sadyang pinatay ang dalawa sa galit ng mga sundalo dahil sa sunud-sunod nilang kabiguan sa serye ng pag-atake at engkwentro sa mga yunit ng BHB sa unang linggo ng Pebrero.

Sa ulat ng yunit, nabigo ang isang kumpanya ng 82nd DRC na lipulin ang isang pangkat o tim ng BHB sa Barangay Calapi, Motiong noong Pebrero 1. Anang BHB-Western Samar, epektibong nakapagdepensa ang mga Pulang mandirigma kung saan isang upisyal ng DRC ang napatay habang ligtas na nakaatras nang walang kaswalti ang pangkat.

Ligtas ding nakaatras ang yunit ng BHB-Western Samar sa naganap na engkwentro noong Pebrero 5. Sa inis at galit ng militar, nagpakawala ito ng 17 bala ng mortar sa hayok na layuning matamaan ang yunit ng BHB.

Hindi ito ang unang pagkakataong pinupog ng 87th IB ang mga bayan ng Samar. Noong Setyembre 2023, isang linggo nitong binomba ang mga barangay sa San Nicolas at Aguingayan sa San Jose de Buan na nagdulot ng perwisyo sa taumbaryo. Kasabay ng terorismo ang pagbabawal sa mga magsasaka na pumunta sa kanilang mga sakahan. Kahit ang mga eskwelahan ay napilitang magsara dahil dito. Ayon sa taumbaryo, mas maige pa ang kalagayan nila kapag umatake ang mga kulisap at daga, dahil kahit papaano'y may naani sila. Pero kapag ang 87th IB ang sumalakay, matinding gutom ang kanilang inaabot.

Isa pang pambobomba ang iniulat ng mga residente ng Sityo San Pedro, Barangay 3, San Jose de Buan, Samar noong Hunyo 2024. Ganting-salakay ito ng militar matapos mapatayan ng isang sundalo sa operasyong haras ng BHB-Western Samar. Dahil sa panganganyon at sa ipinataw na pagbabawal ng militar, karamihan sa mga magsasaka ay hindi na nakapagsaka sa kanilang kaingin. Ang iba ay natulak na magbakwit sa takot na tamaan ng mga bomba. Liban sa panganganyon, nagnanakaw din ng mga hayop at pagkain ang mga sundalo mula sa mga magsasaka.

Sa tindi ng idinulot na perwisyo ng 87th IB, nagbuklod ang mga residente ng naturang sityo para igiit ang pagpapalayas sa mga sundalong nakakampo sa kanilang lugar.

Nagpaabot ng pakikiramay ang BHB-Western Samar sa mga kaanak ng mag-amang Gabac at iba pang biktima ng 87th IB. Pangako nitong darating ang panahon na pagbabayarin ng rebolusyonaryong kilusan ang pusakal na 87th IB sa kanilang karumaldumal na krimen laban sa mamamayan. AB

Mula sa pahina 6

ang pinakabago at pinaka-*high-tech* na mga eroplanong pandigma, howitser, at *drone*, sinasalanta ng pambobomba ang mga sibilyang komunidad ng mga katutubo't magsasaka. Apektado maging ang pag-aaral ng bata dahil napipilitan ang mga lokal na gubyerno na isuspinde ang klase sa mga lugar kung saan masinsin ang pambobomba at militarisasyon.

Hindi ligtas ang mga bata sa mga komunidad ng magsasaka na palagiang nasa panganib ng pagsalakay ng mga maton ng mangangamkam ng lupa, katuwang ang pulis at militar. Kabilang dito ang mga bata sa Hacienda Yulo, Lupang Ramos, mga sakahan sa Bulacan at marami pang iba.

Hindi rin kawala ang mga bata sa mga komunidad ng mga manggagawa at mala-manggagawa sa kalunsuran sa iba't ibang porma ng paninidak, pambabanta, pandurukot at pagpatay. Sa talaan ng AB, di bababa sa tatlong komunidad ang dumanas ng mararahas na demolisyon. Isa rito ang demolisyon sa Quezon City para bigyan daan ang konstruksyon ng *parking lot* ng pampublikong ospital na pambata na nagresulta sa pagtulog ng mga sanggol at paslit sa lansangan.

Patunay ang laganap na mga paglabag sa karapatang-tao sa mga bata, at sa mamamayan sa pangkalahatan, na tuluy-tuloy ang kampanyang panunupil ng rehimen sa ngalan ng paggapi ng rebolusyonaryong kilusan laluna sa kanayunan. AB

Walang tigil na karahasan ng 62nd IB sa Negros

Dinampot at sadyang pinaslang ng mga sundalo ng 62nd IB ang magsasakang si Rolito Tanillo sa Barangay Tala-on, La Libertad, Negros Oriental noong Pebrero 10, alas-7 ng gabi. Ayon sa ulat, kinuha siya ng mga sundalo mula sa kanyang bahay, dinala sa ibang lugar para paslangin.

Pinalabas ng mga sundalo na napatay siya sa engkwentro sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).Walang patumangga silang nagpaputok para sa pekeng labanan. Nagdulot ito ng labis na takot sa taumbaryo.

Ilang araw bago ang pagpaslang, iligal na nang-aresto ang 62nd IB ng mga sibilyan noong Enero 29 at 31 sa Central Negros.

Sa Barangay Linantuyan, Guihulngan City, Negros Oriental, inaresto ang 70-anyos na si Naring Remasog sa hindi malinaw na batayan. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi matiyak ng pamilya kung saan dinala ng mga sundalo ang biktima at kung ano ang kanyang kalagayan.

Sa Barangay Santol, Binalbagan, Negros Occidental, inaresto si Bobet Carillo noong Enero 29. Pinaghukay ng lupa sa ilalim ng kanilang bahay ang kanyang asawa at anak para umano hanapin ang armas na itinago doon ni Carillo. Liban pa, sapilitang pinaggiya sa operasyong kombat si Carillo sa magkakanugnog na mga bayan malapit sa BinalbaganNoong Pebrero 18, iniulat ng mga residente ng sa Hacieda Tres Hermanos sa Barangay Luna, Cadiz City ang pagdagsa ng mga Scout Ranger mula sa 79th IB sa kanilang komunidad. Pinasok nila ang bahay ng tagapangulo ng asosasyon at ipinailalim siya sa interogasyon.

Panggigipit. Sa Cordillera, sinampahan ng reklamong paglabag sa "terrorism financing" ang tagapagsalita ng Kilusang Mayo Uno- Cordillera na si Mike Cabangon. Noong Pebrero 15, nakatanggap si Cabangon ng isang reklamo na isinampa ng pulis laban sa kanya para diumano sa dalawang insidente ng paglabag sa "terrorism financing."

Si Cabangon ang ika-12 progresibong indibidwal sa Northern Luzon na sinampahan ng gawa-gawang reklamo kaugnay ng *terrorism financing*.

Sa Iloilo, iniulat ng Anakbayan-West Visayas State University (WVSU) ang pagkumpronta nito sa isang myembro ng Student Intelligence Network (SIN) sa ilalim ng Reserve Officer Training Corps (ROTC) na nagpapanggap na estudyante ng unibersidad at naniktik sa kanilang organisasyon. Umamin ang naturang indibidwal sa kanyang ginawang paniniktik laban sa mga kasapi ng Anakbayan-WVSU alinsunod sa atas sa kanya sa ROTC.



Kainutilan, kasakiman, nagpapalala ng epekto ng *shear line*

MARIING KINUNDENA NG People Surge, alyansa ng mga nakaligtas sa sakuna, ang kainutulan ng rehimeng Marcos na bigyan-proteksyon ang mga bulnerableng komunidad sa panahon ng mga bagyo at pag-ulan na dala ng *shear line*. Binatikos din nito ang pagpabor ng rehimen sa mapangwasak na mga proyekto at operasyon ng mina, kwari at pagpapalit-gamit ng lupa na nagpapalala sa mga pinsala ng pagbaha at pag-ulan. Iginiit nito na dapat bigyang-hustisya at kumpensasyon ang mga nakaligtas sa mga sakuna at itigil ang nabanggit na mga mapangwasak na operasyon.

Mula Enero, buu-buong barangay sa Samar, Davao, mga rehiyon ng Camarines, Cagayan at iba pang mga prubinsya ang lumubog sa baha dahil sa matagal at malalakas na pag-ulan na dala ng *shear line*. Ang *shear line* ay ang banggaan ng magkaibang bilis, direksyon at temperatura ng hangin na nagreresulta sa pag-ulan.

Kamakailan, nilubog ng mga ulan ang mga barangay sa mga rehiyon ng Calabarzon, Western Visayas at Central Visayas na nagdulot ng pinsala sa 850,000 indibidwal. Kabilang sa mga nabalita ang matinding pagbaha sa Puerto Princesa City at iba pang bayan sa Palawan, kung saan lima ang napatay.

Kulang na kulang ang ipinamahagi ng estado na ₱65 milyon na tulong kumpara sa laki ng pinsala, ayon sa grupo. Hindi nito kayang muling itayo ang mga bahay, ibalik ang mga nawalang pananim, o tugunan ang troma na idinulot sa ating mga komunidad sa napakaliit na halagang ito.

Panawagan ng alyansa na magkaroon ng komprehensibong planong pangsakuna para bigyang prayoridad ang pinakabulnerableng mga lugar at mga programang pangkabuhayan sa mga apektadong mga komunidad. Kailangan ding papanagutin ang mga lokal at pambansang upisyal na bigong protektahan ang kanilang mamamayan, dahil ang kanilang pagpapabaya ay nagpapasidhi sa tindi ng sakuna.

SA MADALING SALITA



4,000

tonelada ng **sibuyas** ang pinahintulutang iaangkat sa panahon ng anihan. Itinuturing ito ng mga magsasaka na pananabotahe ni Marcos sa produksyon ng lokal na sibuyas.



17%

ibinagsak ng bilihan ng **palay** noong Enero matapos umarangkada ang importasyonn ng bigas noong 2024. Pinakamababa ang bilihan sa Calabarzon, sa abereyds na ₱17.41/kilo kumpara sa pambansang abereyds na ₱20.70/kilo.

Pinagkunan: Philippine Statistics Authority



₱4B

pondo ng **USAID** na nakalaan para sa mga maka-US na organisasyon at institusyon sa Pilipinas na isinuspinde ni US Pres. Donald Trump nang 90 araw.



1 Beechcraft King Air 300

eroplanong pang-espiya ng US ang bumagsak sa Ampatuan, Maguindanao del Sur noong Pebrero 6, malayo sa sinasabing "hotspot" ng tunggalian ng Pilipinas sa China, na isinasangkalan ng US sa presensya nito sa bansa.

7,210

patay nang sundalo

ang patuloy na "tumatanggap" ng pensyong aabot sa ₱615 milyon noong 2023.

Pinagkunan: Commission on Audit

714%

itinaas ng presyo ng *diesel* mula nang ipatupad ang Oil Deregulation Law noong Marso 1998 hanggang Enero 2025 o 27 taon, habang 563% naman ang itinaas ng presyo ng gasolina sa parehong panahon.

Pinagkunan: Paaralang Medardo Roda ng Piston

62%

ng tauhan ng 126 organisasyong makatao at sibiko ay nag-ulat na na-*redtag* noong nakaraang taon,

57% sa kanila ang ipinailalim sa pisikal na sarbeylans at 17% ay nahaharap sa kasong "terrorism financing" bilang anyo ng panggigipit at pananakot ng estado, upang pwersahan silang patigilin sa kanilang gawaing pangkawanggawa.

Pinagkunan: Council of People's Development and Governance/National Union of People's Lawyers

55%

o 86 sa 156 na rehistrado sa eleksyong party-list ay mga partido ng mga dinastiyang pulitikal, malalaking negosyo at militar o pulis; humaharap sa mga kaso ng korapsyon, may di mapagkakatiwalaang adbokasiya o di kaya'y walang isinasapublikong sapat na impormasyon

Pinagkunan: Kontra Daya



Protesta kontra pagtaas ng matrikula sa Panay. Nagprotesta ang mga estudyate mula sa iba't ibang pribadong unibersidad noong Pebrero 14 para tutulan ang nakaambang pagtaas ng matrikula at ibang bayarin. Pinangunahan ang protesta ng Kabataan Partylist-Panay.

Mga protesta kontra tanggalan sa Cebu. Naglunsad ng piket ang mga grupo ng paggawa at myembro ng Makabayan Coaltion noong Pebrero 13 para iprotesta ang tumitinding tanggalan at kontraktwalisasyon as prubinsya. Bago nito, nagsagawa ng protesta ang manggagawa ng Coca-Cola Cebu sa harap ng planta nito sa Mandaue noong Pebrero 10, sa araw na tinanggal ng kumpanya ang 200 manggagawa.

Sayaw laban sa pasismo. Pinangunahan ng Gabriela ang taunang pagsayaw para gunitain ang One Billion Rising (OBR) sa Mendiola sa Maynila noong Pebrero 14. Ngayong taon, nakatuon ang kampanya ng OBR sa paglaban sa pasismo sa iba't ibang bahagi ng mundo, kabilang ang mga gerang pinasimunuan at sinusulan ng US at pasismo ng mga estadong pinopondohan ng US.

Bigas lamang ang nagmamahal. Nagtungo ang mga magsasaka na nagmula pa sa Bulacan, Rizal, Laguna at Tarlac sa harap ng Department of Agriculture para muling ipanawagan ang pagbabasura sa Rice Liberalization Law, na isinabatas noong Pebrero 14, 2018.

Antiqueño kontra-mina. Inilunsad ng daan-daang Antiqueño ang koalisyong AMLIG Antique Alliance noong Pebrero 11 para labanan ang napabalitang pagdedeklara ng estado sa 3,715-ektaryang lupain sa mahigit 16 barangay sa Patnongon, San Remigio, Valderrama at Sibalom sa Antique bilang mga lugar ng pagmimina.

5-taong prangkisa ng dyip, ibalik. Nagtipon sa harap ng LTFRB ang mga myembro ng Piston noong Pebrero 10 para igiit ang pagbabalik sa 5-taong indibidwal na prangkisa sa mga tsuper at opereytor. Nagsumite din sila ng petisyon na may pirma ng higit 30 organisasyon ng mga drayber ng dyip para rito.

Alisin ang buwis sa langis. Nagprotesta ang Piston at iba pang demokratikong grupo sa harap ng Petron Philcoa sa Quezon City noong Pebrero 10, ika-27 anibersaryo ng Oil Deregulation Law. Pinahintulutan ng batas na ito ang walang awat na pagtaas ng presyo ng langis. Panawagan nila ang pagtanggal sa VAT at *excise tax* sa mga produktong petrolyo na pabigat pareho sa mga drayber at komyuter.

"Assumption of Jurisdiction" ng DOLE sa welga sa Nexperia, instrumento ng kapitalista

INILANTAD NG Department of Labor and Employment (DOLE) ang pagiging maka-kapitalista nang maglabas ito ng kautusang "assumption of jurisdiction" o AJ noong Pebrero 5 sa kinahaharap na laban ng mga manggagawa at unyon sa Nexperia Philippines Inc. Sa pamamagitan ng AJ, epektibong ipinagbawal ng DOLE ang planong welga na inihahanda ng mga manggagawa sa pangunguna ng Nexperia Philippines Inc Workers' Union-National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno (NPIWU-NAFLU-KMU).

Ang AJ ay isang kautusan na inilalabas ng kalihim ng DOLE sa mga sigalot sa paggawa sa mga industriyang tinaguriang "mahalaga sa pambansang interes". Awtomatikong pipigilan nito ang anumang welga o *lockout*, at oobligahing agad bumalik sa trabaho ang mga manggagawa at ituloy ang operasyon ng kumpanya. Gamit ang AJ, maaaring pakilusin ng DOLE ang mga pulis at militar para supilin ang mga manggagawang susuway dito sa kautusan.

Sunud-sunod na mga piket at rali ang isinagawa ng NPIWU nitong Pebrero para batikusin ang AJ. Sigaw nila na kaagad na ibasura ang AJ at tugunan ng Nexperia ang matagal nang hinaing ng mga manggagawa dito. Matatandaan na bumoto ang mayorya ng mga kasapi ng NPIWU-NAFLU-KMU noong Disyembre 20, 2024 para ikasa ang welga matapos isang taon na pag-antala ng kumpanya sa negosasyon at *deadlock* sa pag-uusap para sa bagong *collective bargaining agreement* (CBA). Paglaban rin nila ito sa iligal na tanggalan at pagsibak sa trabaho sa apat na upisyal ng unyon kabilang ang pangulo nito noong Disyembre 17, 2024.

Ayon sa Center for Trade Union and Human Rights (Philippines), labag ang AJ sa karapatan ng mga manggagawa sa pakikipagnegosasyon sa CBA at karapatang magwelga. Mayroon nang hatol ang International Labour Organization Committee of Experts on the Application of Conventions (ILO CEACR) na lumalabag sa ILO Conventions 87 at 98 ang AJ sa karapatan sa kolektibong pakikipagtawaran at karapatang magwelga

Ang Nexperia ay bahagi ng isang kumpanyang multinasyunal na lumilikha ng mga semiconductor chip na ginagamit sa mga sasakyan, *cellphones*, at iba pa. Kasama sa mga kliyente nito ang Bosch, Continental, Denzo, Huawei, Neltz, Tesla, Xiaomi at Samsung.

Sa kasalukuyan, nakagagawa ang Nexperia Philippines ng pitong milyong *chip* araw-araw. Bahagi ito sa mahigit 90 bilyong *semiconductor chip* na napoprodyus ng buong kumpanya taun-taon. Nitong Pebrero, nag-ulat ang kumpanya ng kabuuang kita na $12.61 bilyon para sa 2024.

Ang Nexperia ay dating Phillips Semiconductors, isa sa pinakamalaking kumpanya ng semiconductor na nakabase sa The Netherlands. Ibinenta ito ng mga Dutch na may-ari sa mga mamumuhunang Amerikano noong 2016 at naging NXP Semiconductors. Noong 2017, nabili ito ng WingTech, isang kumpanyang Chinese na bahaging pagmamay-ari ng estado ng China. Mayroon itong mayor na mga upisina sa The Netherlands at China.